FILIPINO SA PILING LARANG

(AKADEMIK)

(Ang modyul na ito ay kabuuan na ng **FINALS)**

Modyul para sa Sariling Pagkatuto- 1
Katitikan ng Pulong

ARALIN

KATITIKAN NG PULONG

Kahulugan
Ito'y isang dokumentong nagtatala ng mahahalagang diskusyon at desisyon na karaniwang sinusulat ng kalihim.
Mga talang napag-usapan sa isang pulong na dapat nairerekord sa isang *log book*.

Mga Bahagi ng Katitikan ng Pulong
1. **Petsa**- Ito'y nagtatakda kung kailan magaganap ang pagpupulong.
2. **Oras**- Ito'y naglalaman ng oras ng pagsisimula at pagtatapos ng isang pagpupulong.

3. **Pook**- Ito'y naglalaman ng lugar kung saan magaganap ang pulong.
4. **Kalahok**- Ito' naglalaman ng mga taong dumalo at di-dumalo sa pagpupulong.
5. **Paksa**- Nakatala rito ang mga paksang napag-usapan at mga aksyon na naibigay ng mga dumalo sa pagpupulong.
Tandaan: *Kailangan ring pairalin ang talas ng pandinig, bilis ng pagsulat at linaw ng pag-iisip sa pagsulat ng katitikan ng pulong.*

GAWAIN
Mula sa iyong malikhaing pag-iisip, gawan ng sariling kahulugan ang KATITIKAN sa pamamagitan ng akrostik.
K-
A-
T-
I-
T-
I-
K-
A-
N

PANAPOS NA PAGSUSULIT

A. Ayusin ang mga ginulong titik upang mabuo ang mga sagot sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa patlang bago ang bilang.

r a s o _____1. Nagtatakda ng simula at pagtataposng pulong.

e s t a p _____2. Nagsasabi kung kailan magaganap ang pulong.

a k p s a _____3. Ang pinag-uusapan sa pulong.

u g a r l _____4. Dito dinaraos ang pulong.

a k t t i i k n a _____5. Inihahanda ng kalihim sa pulong.

l a k a h k o_____6. Mga taong dadalo sa pulong.

Modyul para sa Sariling Pagkatuto- 2
Layon ng Katitikan ng Pulong

ARALIN

1.Naipababatid sa ibang kasapi ang mga naganap sa pulong lalo na sa mga hindi nakadalo sa nakaraang pulong.
2**. Nagsisilbing gabay** upang maalala ang lahat ng detalye ng napag-usapan sa nakaraang pulong.
3. **Maaaring maging bahagi ng kasaysayan** sa paglipas ng panahon.
4. **Hanguan ng mga impormasyon/detalye** para sa mga susunod na Pulong.

5**.Nagsisilbing ebidensya** sakaling magkaroon ng pagtatalo sa dalawa o higit pang kasapi ng organisasyon.


6. **Nagsisilbing paalala sa mga responsibilidad** at gampanin ng bawat kasapi.

GAWAIN

Punan mo ng nawawalang salita ang bawat bilang upang mabuo ang bawat ideya. Piliin sa loob ng *banner* ang sagot.

1. Nagsisilbing _____ upang maalala ang lahat ng detalye ng pulong.
2. Maaaring maging bahagi ng _____ sa paglipas ng panahon.

3. Hanguan ng mga _____ para sa susunod na pulong.
4. Nagsisilbing_____ sa gitna ng pagtatalo.
5. Naipababatid sa bawat kasapi ang _____ sa nakaraang pulong.



PANAPOS NA PAGSUSULIT

Basahin at sundin ang panuto. Isulat ang **thumbs up** kung ang pangungusap ay nagpapakita ng kahalagahan at **thumbs down** kung hindi.
_____1. Nagsisilbing hanguan ng impormasyon para sa sususnod na pulong.
_____2. Nagsisilbing paalala sa mga responsibilidad ng bawat kasapi.
_____3. Nagsisilbing kasangkapan upang magpalaganap ng tsismis sa ibang grupo.
_____4. Nagsisilbing ebidensya ng mga kasaping may lihim na galit sa kalihim o pinuno ng pulong.
_____5. Naipapabatid sa ibang kasapi ang mga naganap sa pulong lalo na sa mga hindi nakadalo sa nakaraang pulong.

Modyul para sa Sariling Pagkatuto- 3

Kahulugan ng Sanaysay,Sanaysay Bilang Sulating Pang-Akademikoat Katangian ng Sanaysay

ARALIN
Ang Sanaysay

Ang sanaysay o *essay* sa wikang Ingles ay isang komposisyon na kadalasan ay naglalaman ng pananaw o kuro-kuro ng may akda. Sa ganitong paraan,naipahahayag ng may akda ang kanyang damdamin sa mga mambabasa. Isa rin itong uri ng pakikipag-komunikasyon na ang layunin ay maipabatid ang iyong saloobin sa isang makabuluhan at napapanahong paksa o isyu. Ang sanaysay ay ginagamitan din ng tuwirang mga pahayag upang ibahagi ang mga naiisip, nararamdaman at pananaw na hinggil sa isang paksa at kung paano ito nakaaapekto sa taong sumulat nito. Ito ay kalimitang personal at nasa anyong tuluyan at may paninindigan ang taong sumulat nito.

Ang Sanaysay Bilang Sulating Pang-Akademiko

Halos lahat ng pagsusulat sa paaralan ay masasabing akademiko mula sa antas primarya hanggang sa doktoradong pag-aaral. Ang akademikong pagsulat tulad ng pagsulat ng sanaysay ay maaring maging kritikal na sanaysay. Itinuturingitong isang intelektwal na pagsulat dahil layunin nitong pataasin ang antas ng kalidadng kaalaman ng mga estudyante sa paaralan. Ito ang pokus ng pag-aaral sa baitang na ito at ang iba pang mga sulating isusulat sa bawat paksa ay nasa anyong ito.

Mga Katangian ng Sanaysay Ayon sa Uri Nito
May dalawang uri ng sanaysay. Ito ay ang maanyo o pormal at palagayan o di-pormal. Ang maanyo o pormal na sanaysay ay nangangailangan ng maingat, maayos at mabisang paglalahad ng mga kaisipan. Ang pananalita ay pinipiling mabuti. Ang paksa ay pinag-uukulan ng isang masusing pag-aaral. Seryoso ang ganitong uri ng sanaysay. Maingat na inilalahad at ipinaliliwanag ng awtor ang kanyang tinatalakay na bagay o isyu nang hindi lamang nababatay sa sarili niyang karanasan at nalalaman. May mga sanggunian o basehan siya, may batayang kilala at kinikilala sa kanyang mga inilalahad. Ang sanaysay na di-pormal o palagayan ay tila nakikipag-usap, pansarili ang himig at may kalayaan ang ayos sa pagpapahayag. Ang karaniwang layunin nito ay magpakilala ng mahalagang kaalaman. Sa uring ito ng sanaysay, maaring paksain ang anuman lalo na ang kaugalian ng tao sa isang masaklaw na paglalahad. Dahil sa pamamaraang masaya at masigla, ang sanaysay na di-pormal o palagayan ay siyang ipinalalagay na kaakit-akit at kawili-wiling basahin.

GAWAIN
Panuto: Kumpletuhin ang bawat pahayag. Salungguhitan ang salitang bubuo sa diwa ng bawat pahayag.

1. Ang akademikong pagsulat tulad ng pagsulat ng sanaysay ay maaring maging_____ (kritikal, analitikal) na sanaysay.

2. at 3. Ang sanaysay na di-pormal o palagayan ay tila nakikipag-usap, pansarili ang _____ (himig, tunog) at may _____ (kalawakan, kalayaan) ang ayos sa pagpapahayag.

4. Ang sanaysay o essay sa wikang Ingles ay isang komposisyon na kadalasan ay naglalaman ng _____ (kadalasan, pananaw) o kuro-kuro ng may akda.

5. Itinuturing ang sanaysay bilang isang _____ (analitikal, intelektwal) na pagsulat dahil layunin nitong pataasin ang antas ng kalidad ng kaalaman ng mga estudyante sa paaralan.

PANAPOS NA PAGSUSULIT

Panuto: Piliin sa loob kahon ang salitang inilalarawan ng bawat pahayag. Isulat ang sagot sa linyang inilaan sa bawat bilang
_____ 1. Ang pormal na sanaysay ay mahusay na isinusulat at sinaliksik ng buong husay. Tinitiyak na hindi kuro-kuro ang mga

pahayag na nakalahad sa isinulat na sanaysay.
_____ 2. Sa pagsulat ng di-pormal na sanaysay ay walang limitasyon ang mga ideya at pananaw na nais ilahad.
_____ 3. Hindi haka-haka ang mga payahag na nakalahad sa isang pormal na sanaysay. Pinaglaanan ng panahon upang tiyakin at masuring mabuti ang nilalaman nito.
_____ 4. Ang di-pormal na uri ng sanaysay ay tila nakikipag-usap sa kanyang mga mambabasa at mayroong pagkakaunawaan sa magkabilang panig.
_____ 5. Pinipiling mabuti ang mga salitang ilalagay sa isang pormal na sanaysay.
_____ 6. Sa pormal na sanaysay, bukod sa masusing inaaral ang mga pahayag na ilalahad, matalino rin ang pamamaraan ng pagkakasulat.
_____ 7. Mapanghikayat, nakaaaliw at nakawiwili ang pamamaraan ng paglalahad ng pananaw sa di-pormal na sanaysay.
_____ 8. Ang pormal na sanaysay ay batay sa mga tunay na datos, pinag-isipang mga pahayag at sinaliksik nang mabuti.
_____ 9. Maingat na inilalahad at ipinaliliwanag ng awtor ang kanyang tinatalakay na bagay o isyu nang hindi lamang nababatay sa sarili niyang karanasan at nalalaman.
_____ 10. Ang karaniwang layunin ng di-pormal na sanaysay ay magpakilala ng bago at mahahalagang konsepto na magdagdag sa nakaimbak ng karunungan.

palagayan	seryoso	masusing inaral
kaalaman	maligayang tono	maingat
kalayaan	kawili-wiling basahin	intelektwal
kritikal	pananaw	may batayan

Modyul para sa Sariling Pagkatuto-4
Pagkukumpara ng Sanaysay sa Ibang Akdang Pampanitikan at Disiplina sa Pagsulat ng Sanaysay

Pagkukumpara ng Sanaysay sa Ibang Akdang Pampanitikan

Ang sanaysay ay nagtatalakay sa paraang tuluyan sa malayang paraan na naglalantad ng kaisipan, kuro-kuro, palagay at ng kasiyahan ng sumulat upang magbigay ng saya, magbigay ng kaalaman at magturo. Ang sanaysay ayon kay Alejandro G. Abadilla ay "Pagsasalaysay ng isang nakasulat na karanasan ng isang sanay sa pagsasalaysay." Malaki ang kaibahan ng sanaysay sa ibang akdang pampanitikan. Sa susunod na bahagi ay tatalakayin ang kaibahan nito. Ang sanaysay ay isang maiksing komposisyon na kalimitang naglalaman ng personal na kuru-kuro ng may-akda. Ang salaysay naman ay isang paglalahad ngpagkakasunod-sunod ng mga pangyayari na maaaring gawa-gawa lamang o di kaya ay nakabase sa totoong buhay. May kaibahan din ang sanaysay at ang talumpati. Ang talumpati ay naihaharap sa maraming tao. Bukod pa rito, ang mensahe ay direktang ipinapahayag sa mga manonood. Ito rin ay isang malikhain at kapaki-pakinabang na diskusyon ng isang paksa. Ang layunin ng isang talumpati ay ang paghikayat sa mga manonood sa paniniwala ng nagtatalumpati. Samantalang ang sanaysay naman ay isang isinulat ng may akda. Ang mensaheng ipinapahayag ng manunulat ay nakararating sa mga tao sa pamamagitan ng pagsulat. Kadalasan ay hindi ito binabasa sa harapan ng publiko. Ang sanaysay at maikling kuwento ay may malaki ring pagkakaiba. Ang isang sanaysay ay maaaring tukuyin bilang isang piraso ng pagsulat sa isang partikular na paksa. Ang isang maikling kuwento naman ay maaaring matukoy bilang isang salaysay, mas maikli ang haba kung ihahambing sa isang nobela. Ang isang sanaysay ay nagbibigay ng isang mahabang *account* sa isang tukoy na paksa dahil sinisiyasat nito ang iba't ibang mga sukat ng paksa at nagbibigay ng impormasyon sa mambabasa. Sa kabilang banda, ang isang maikling kwento ay hindi gagalugarin ang isang paksa ngunit higit pa sa isang karanasan ng isang indibidwal. Malaki ang kaibahan ng sanaysay sa iba pang mga akda. Mayaman ang panitkang Pilipino at bawat uri ng akda ay may kanya-kayang kalakasan. Tayo bilang isang Pilipino ay dapat na may layuning pagyamanin at palaganapin ito.

Disiplina sa Pagsulat ng Sanaysay

Ang pagsulat ng sanaysay ay isa sa mga karaniwang ipinagagawa ng isang guro upang sanayin ang mga mag-aaral sa paglikha ng isang sulatin. Ang guro ay karaniwang nagbibigay ng mga paksang pagpipilian upang maging tema ng sulatin na gagawin ng mag-aaral. Ang tema ay maaaring isang sitwasyon o kaganapan o pwedeng isang tao o gamit na may kaugnayan sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ang balangkas ng isang sanaysay ay kinapalolooban ng panimula, katawan at pangwakas na bahagi. Sa panimula ay dapat mong ipaalam ang iyong pangunahing punto at ipaliwanag kung bakit ang paksang ito ay mahalaga. Sa bahaging katawan ay dapat mong talakayin nang sunod-sunod ang mga pangalawang punto na tumutulong upang patunayan o suportahan ang iyong pangunahing punto. Mula sai yong pangunahing punto ay dapat ka ring bumuo ng dalawa hanggang tatlong pangalawang punto na siyang magpapatibay sa iyong nabuong pangunahing punto. Ang mga pangalawang punto ay dapat mong talakayin nang sapat upang maliwanagan nang husto ang mga makababasa ng iyong akda. Dapat mo ring ipakita kung paano tumutulong o sumusuporta ang bawat pangalawang puntong iyong nabuo sa iyong pangunahing punto.Ang bahaging pangwakas ay nagsisilbing paraan upang mas matandaan ng mambabasa ang pangunahing punto na iyong tinukoy at tinalakay sa iyong sulatin. Kung simple lamang ang paksang napili mong talakayin,

tama na ang gumawa ka ng limang talata: unang talata para sa panimula, pangalawa hanggang pang-apat na talata para sa tatlong pangalawang puntong nais mong talakayin, at panlimang talata para sa iyong pangwakas.
Ang paggawa ng sanaysay ay karaniwang may takdang oras kaya dapat ay kumilos ka nang mabilis. Dapat ay piliin mo ang paksang mayroon kang mas maraming nalalaman. Isulat mo kaagad ang lahat ng iyong nalalaman tungkol sa paksa at bumuo ka agad ng iyong pangunahing punto. Sundin mo ang paraan na ipinakita ko at mabubuo mo nang mabilis ang iyong sanaysay.

GAWAIN 1

Kumpletuhin ang bawat pahayag. Salungguhitan ang salitang bubuo sa diwa ng bawat pahayag.
1.“Pagsasalaysay ng isang (nakasulat, nakalista) na karanasan ng isang sanay sa pagsasalaysay.”
2.– 3. Ang sanaysay ay natatalakay sa paraang (tuluyan, dugtungan) sa malayang paraan na naglalantad ng kaisipan, kuro-kuro, palagay at ng kasiyahan ng sumulat upang magbigay ng saya, magbigay ng kaalaman, at (magturo, mangaral).
4. Ang (ayos, balangkas) ng isang sanaysay ay kinapapalooban ng panimula, katawan at pangwakas na bahagi.
5. Sa bahaging katawan ng isang sanaysay ay dapat mong talakayin nang (halo halo, sunod-sunod) ang mga pangalawang punto na tumutulong upang patunayan o suportahan ang iyong pangunahing punto.

GAWAIN 2

Panuto: Bumuo ng isang *slogan* o *poster* na nagpapakita ng kahalagahan ng pagsulat ng sanaysay sa iyong buhay. Gawin ito sa papel.

Modyul para sa Sariling Pagkatuto-5
Kahulugan ng LakbaySanaysay, Layon ng Sanaysay at Gamit ng Sanaysay

ARALIN

Ang paglalakbay at pagbabago ng kapaligiran ay nagbibigay ng bagong sigla sa isip, ayon kay Seneca.

Tunay ngang bukod sa porma ng pagpapahinga ang paglalakbay, binibigyan din tayo nito ng oportunidad na pansamantalang tumigil at pag-isipan ang nakasanayan. Pinalalaya tayo ng paglalakbay sa regularidad ng buhay at pinalalawak ang ating kamalayan at perspektiba. Mula sa positibong pag-aaral at karanasan sa paglalakbay humahalaw ang maraming bahagi ng panitikan. Tiyak na madalas kang makapanood ng mga palabas sa telebisyon sa estilong *travelogue*. Ang *travelogue* ay maaring dokumentaryo, pelikula, palabas sa telebisyon o ano mang bahagi ng panitikan na nagpapakita at nagdodokumento ng iba’t ibang lugar na binisita at karanasan dito ng isang turista at dokumentarista. Ang lakbay-sanaysay ay nagbibigay ng ideya sa mga manlalakbay ang aasahang makita, mabisita, madanas at makain sa isang lugar. Posible rin itong magbibay ng itenerary o iskedyul ng pamamasyal sa bawat araw ng biyahe at ang posibleng magiginng gastos sa bawat aktibidad. Malaki ang naitutulong ng mga lakbay-sanaysay para sa mga taong nagpaplano pa lamang ng kanilang bakasyon.

Layon at Gamit ng Lakbay-Sanaysay

Ang lakbay-sanaysay ay isang uri ng sulating tumatalakay sa karanasan sa paglalakbay. Ngunit hindi lamang ito tungkol sa paglalarawan ng mga lugar o tao.
Ang sulating ito ay tungkol sa kung ano ang natuklasan ng manunulat tungkol sa sa kanyang sarili at sa lugar na pinuntahan niya. Kung gayon, ang pagsulat ng lakbay-sanaysay ay isang paraan ng pagkilala sa sarili. Ang layunin ng pagsulat tungkol sa isang paglalakbay ay makapagbigay ng malalim na *insight* at kakaibang anggulo tungkol sa isang destinasyon. Sa ganitong uri ng pagsulat, kailangang mahikayat ang mga mambabasa na danasin at bisitahin din ang lugar na iyong sinusulat. Marami na ring kurso sa pagsulat tungkol sa paglalakbay na magbibigay sa iyo ng malalim na pag-unawa kung paanong bumuo ng mga ideya at propesyonal na artikulo at kung paano ito ibebenta sa merkado. Bisitahin din ang lugar na iyong isinusulat.
Maraming tao ang hindi na lamang bumibiyahe bilang turista kundi nagsusulat na rin tungkol sa kanilang mga karanasan sa isang lugar at kabuoan ng paglalakbay. Maging ang isang propesyonal na manunulat ay gumagamit ng kanilang kakayahan sa pagsulat tungkol sa isang paglalakbay at makapagbigay ng malalim na *insight* at kakaibang anggulo tungkol sa isang destinasyon. Sa ganitong uri ng pagsulat, kailangang mahikayat ang mga mambabasa na danasin at bisitahin din ang ibang lugar na iyong isinusulat. Marami na ring kurso sa pagsulat ang tungkol sa paglalakbay na magbibigay sa iyo ng malalim na pag-unawa kung paanong bumuo ng mga ideya at propesyonal na artikulo at kung paano itong mabebenta sa merkado.
Ang lakbay-sanaysay ay tungkol sa isang lugar. Ang tuon dito ay ang lugar na pinuntahan. Ano-ano ang mga kilalang destinasyon dito? Nagpunta ka ba sa mga di-gaanong pinupuntahan ng mga turista? Nagandahan ka ba sa arkitektura at pampublikong eskultura? Buhay na buhay ba ang lungsod ba? Masarap ba ang mga pagkain? Kumain ka ba ng kakaibang putahe? Inilalarawan dito ang mga nakikita, naririnig, naaamoy, nalalasahan, at nararamdaman sa lugar na pinuntahan.
Ang lakbay-sanaysay ay tungkol sa ibang tao. Kumusta ang mga tao sa iyong pinuntahan? Ano-ano ang mga nagustuhan at inayawan mo sa kanila? Katulad ba sila ng mga Pilipinong palangiti, magalang at magiliw sa mga panauhin?
Ano ang katangi-tangi sa kanila? Anong karanasan mo na kasama sila ang hindi mo malilimutan? Sino-sino ang mga nakasama mo sa paglalakbay? Sila ba ay kapamilya, kaibigan, kasintahan, o katrabaho? Kumusta naman ang naging relasyon mo kasama sila?

Ang lakbay-sanaysay ay tungkol sa sarili. Higit sa lahat, ang lakbay sanaysay ay tungkol sa sarili. Paano ka kumilos sa lugar na iyong pinuntahan? Ano ang natuklasan mo sa sarili? Paano ka nabago ng iyong paglalakbay? Ano-ano ang mga bagay na ginawa mo na karaniwan mong hindi ginagawa? Ano ang mga natutuhan mo sa pagpunta sa luagr na hindi ka pamilya? Ano ang mga nakaimpluwensya sa iyong paglalakbay at pananaw sa buhay? Ano-ano ang mga pinahahalagahan mo ngayon?

GAWAIN

Panuto: Kumpletuhin ang bawat pahayag. Salungguhitan ang pinakaangkop na salitang bubuo sa diwa ng bawat pahayag.

1. Pinalalaya tayo ng paglalakbay sa _____ (komunidad, regularidad) ng buhay at pinapalawak ang ating kamalayan at perspektiba.
2. Ang _____ (*travel blog*, *travelogue*) ay maaaring dokumentaryo, pelikula, palabas sa telebisyon o ano mang bahagi ng panitikan na nagpakita at nagdodokumento ng iba't ibang lugar na binisita at karanasan dito ng isang turista at dokumentarista.
3. Maraming tao ang hindi na lamang bumibiyahe bilang _____ (motorista, turista) kundi nagsusulat na rin tungkol sa kanilang mga karanasan sa isang lugar at kabuoan ng paglalakbay.
4. Ang lakbay-sanaysay ay isang uri ng _____ (hinaing, sulating) na tumatalakay sa karanasan sa paglalakbay.
5. Marami na ring kurso sa _____ (pagbasa, pagsulat) tungkol sa paglalakbay na magbibigay sa iyo ng malalim na pag-unawa kung paanong bumuo ng mga ideya

PANAPOS NA PAGSUSULIT

Panuto: Piliin sa loob kahon ang salitang bubuo ng bawat pahayag. Isulat ang sagot sa linyang inilaan sa bawat bilang.

karanasan	lakbay-sanaysay	itineraryo
bakasyon	kasaysayan	*travel blogging*
kalayaan	suri	merkado
insight	*travelogue*	kapaligiran

1. Ang paglalakbay at pagbabago ng _____ ay nagbibigay ng bagong sigla sa isip, ayon kay Seneca.
_____ 2. Mula sa positibong pag-aaral at karanasan sa paglalakbay humahalaw ang maraming bahagi ng _____.
_____ 3. Ang _____ ay maaring dokyumentaryo, pelikula, palabas sa telebisyon o ano mang bahagi ng panitikan na nagpapakita at nagdodokumento ng iba't ibang lugar na binisita at karanasan dito ng isang turista at dokumentarista.
_____ 4. Ang _____ ay nagbibigay ng ideya sa mga manlalakbay ang aasahang makita, mabisita, madanas at makain sa isang lugar.
_____ 5. Ang layunin ng pagsulat tungkol sa isang paglalakbay ay makapagbigay ng malalim na _____ at kakaibang anggulo tungkol sa isang destinasyon.
_____ 6. Maraming tao ang hindi na lamang bumibiyahe bilang turista kundi nagsusulat na rin tungkol sa kanilang mga _____ sa isang lugar at kabuoan ng paglalakbay.
_____ 7. Marami na ring kurso sa pagsulat ang tungkol sa paglalakbay na magbibigay sa iyo ng malalim na pag-unawa kung paanong bumuo ng mga ideya at propesyonal na artikulo at kung paano itong mabebenta sa _____.
_____ 8. Malaki ang naitutulong ng mga lakbay-sanaysay para sa mga taong nagpaplano pa lamang ng kanilang _____.
_____ 9. Ang lakbay-sanaysay ay posible ring magbigay ng _____ o iskedyul ng pamamasyal sa bawat araw ng byahe at ang posibleng magiging gastos sa bawat aktibidad.
_____ 10. Mula sa positibong pag-aaral at karanasan sa paglalakbay humahalaw ang maraming bahagi ng panitikan. Tiyak na madalas kang makapanood ng mga palabas sa telebisyon sa estilong _____.

Modyul para sa Sariling Pagkatuto-6

Halimbawa ng Lakbay Sanaysay Batay sa Uri o Anyo,Katangian at Elemento ngLakbay Sanaysay, at Pagkikritik ng Lakbay-Sanaysay

ARALIN

Pagkikritik ng Lakbay-Sanaysay

Ngayong nauunawaan na ang lahat ng batayang kaalaman at mga gabay sa pagsulat ng isang lakbay-sanaysay, suriin mo ang isang halimbawang tekstong sinulat ng batikang mananalaysay at makatang Kinaray-a tungkol sa kanilang pamimili at pakikipagtawaran sa Jakarta, Indonesia kasama ang Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan, si Virgilio Almario.

MAY DALAWANG ANAK NA BADING SI RIO ALMA SA JAKARTA!

MARSO 27, 2015 ni JOHN IREMIL TEODORO

NAKAKALOKA ang ganda ng mga sarikulay na lampara na iba't iba ang hugis. Mukha silang mga antigo. Nasa Jalan Surabaya kami sa Gitnang Jakarta kung saan

makikita sa isang tabi ng kalsada ang mahabang hilera ng mga tindahan ng mga tradisyonal na Indonesian *handicraft*—maskarang cirebon, ukit na petrok, estatwang punakawan, mga puppet na golek, klitik, at kulit, at marami pang ibang mga likhang sining na yari sa kahoy, bato, goma, at *metal* mula sa Kalimantan, Surabaya, Java, Papua, Lombok, at Bali. Nakalalasing sa ganda ang kanilang mga kulay at disenyo.Pumunta kami roon sa Jalan Surabaya matapos kaming mananghalian noong Miyerkules, ikatlong araw namin dito sa Jakarta. Dahil mainit, parang kami lang ang namimili roon kung kaya nasa amin ang atensiyon ng mga nagtitinda roon. Hindi nila kami nilulubayan. Nandito kami sa Jakarta, Indonesia nina Pambansang Alagad ng Sining Virgilio Almario at Kristian Sendon Cordero bilang mga opisyal na delegado mula sa Filipinas sa ASEAN Literary Festival 2015 na ginaganap ngayong Marso 15-22. Salamat sa Pambansang Komisyon sa Kultura at mga Sining sa pagpapadala sa amin dito at sa Embahada ng Filipinas sa Indonesia sa pag-aasikaso sa amin. Pagdating pa lang namin dito noong Lunes, nilibre na kami ng dinner ni Embahador Maria Lumen B. Isleta sa isang napakandang restawran na parang nagdala sa akin pabalik sa Ubud, Bali na ang ngalan ay Bebek Bengil na sa Ingles ay *Dirty Duck Diner*. Ang sarap ng piniritong bibi nila! Malapit lamang ang Jalan Surabaya sa *hotel* kung saan kami nakatira sa Jalan Cikini. Itinuro ito sa amin ni Remee Alcazar, ang ating *cultural attaché* dito sa Indonesia, nang papunta kami sa Bebek Bengil. Sabi ni Remee, tawaran namin ng 50% palagi kapag bumili kami roon. Atat na atat na kami ni Kristian na bumili ng *puppet.* Hindi talaga ako magaling tumawad. Hindi sa dahil mayaman ako kundi dahil parang naaawa kasi ako sa nagtitinda. Pero si Kristian ang galing-galing. May isang maliit na peynting ng mga payyo ng Bali akong gustong bilhin. Sabi sa akin ng bata at guwapong (kaya mas mahirap tumawad!) tindero, tig-350,000 rupiah daw. Ganiyan talaga rito sa Indonesia, libo-libo palagi ang usapan. Ang isang bote ng *mineral water* ay tig-4,000 rupiah.

Medyo namahalan ako kung kaya sabi ko kay Pogi balikan ko na lang. Habang papaalis ako, sumigaw siya na 300,000 rupiah na lang daw. Pero sabi ko babalik na lang ako. Matapos naming makapamili ng mga *puppet* at makapagpahinga sa isang restawran, binalikan namin ang peynting. Gusto ko talagang bilhin at mukhang puwede ko itong gamiting *cover artwork* ng susunod kong libro ng mga tula sa Kinaray-a na kasama ang mga tulang-Bali ko. Si Kristian ang tumawad. Sabi ni Kristian, “100,000 only!” Ayaw pumayag ni Pogi. Lugi raw siya. Sabi ni Kristian sa akin, “Ateng, huwag mong bilhin!” Isinalin pa niya sa Ingles para maintindihan ni Pogi. Mabilis na nag-isip at nagtanong si Pogi, *“What is your good price?”* Sabi ko, “200,000.” Sumigaw si Kristian, *“No! Only* 100,000!” Naiiyak na si Pogi. Sabi niya, “175,000” na lang daw. Sagot ko, “150,000.” Sabat ni Kristian na pasigaw, *“Yes,* 150,000!” Nakasimangot na umuo si Pogi at kinuha mula sa estante ang peynting, binalot ito sa papel at plastic bag at ibinigay sa akin. Tuwang-tuwa akong binayaran ito at feeling waging-wagi naman si Kristian. Nagpapiktyur pa kami kay Pogi na sa tingin ko ay luging-lugi na. Pero gaya nga ng sabi ng lola ko, wala namang nagpapatawad na tindera na nalulugi na. May kinita pa rin iyon. Bumili kami ni Kristian ng isang *set* ng wayang klitik na Rama at Sita, isang flat at may disenyong batik na puppet. Mula 400,000 natawaran ni Kristian ng 200,000. Pinilit din ako ni Kristian na bilhin ang estatwa ng mag-asawang sirena dahil nakatadhana raw iyon sa akin. Tig-300,000 ang pares ngunit natawaran ni Kristian at naging 150,000. Siyempre,ipinamukha sa akin ni Kristian na napakalaki ng utang na loob ko sa kaniya matapos ng aming pamimili. Naisip ko tuloy ngayon na kaya pala noong nasa Bali ako noong 2012, kapag bumibili ako ng mga kuning-kuning ay kusa akong binibigyan ng mga tindera ng isa o dalawang *item* na libre kasi hindi ako tumatawad. Baka nakokonsensiya rin sila. O baka naaawa sila sa akin dahil ang tanga-tanga kong mamimili. Si Sir Rio, *cool* lang. Ayaw niyang mamili dahil ilang beses na siyang
nakapunta dito sa Jakarta. Saka wala na raw espasyo sa maleta niya. Patingin-tingin lamang siya sa mga tindahan. May isang matandang lalaki na hinila ako pabalik sa kaniyang tindahan na nadaanan ko na. Nagpahila naman ako at nang makapasok ako sa kaniyang tindahan ng mga lilok sa kahoy at *puppet*, itinuro niya sa akin ang mag-asawang estatwa na siguro isang piye ang taas. *“Your Daddy say beautiful. Buy! Buy!”* sabi niya sa akin na parang sinisigawan ako. Ilang segundo rin akong na-*jar.* Natawa ako nang natanto kong ang tinutukoy niyang *“daddy”* ko ay si Sir Rio! Habang kumakain kami ni Kristian ng haluhalo sa isang Vietnamese *restaurant* sa kabilang kalsada at nagkakape naman si Sir Rio, naikuwento ko kay Sir Rio na napagkamalan ako ng tindero na anak niya. “Kaya pala tawa sila ng tawa,” sabi ni Kristian habang pinaglalaruan ang klitik *puppet* na binili niya. “Ikaw ang pinagtatawanan nila, Rio dahil siguro sinasabi nila, kawawa naman ang mamang ito, may dalawang anak na bading!” dugtong pa niya sabay halakhak. “At kinukunsinti pa niya ang hilig sa *puppet* ng mga anak niyang bading!” ang sabi ko sabay tawa na rin. “Oo nga ano?” sagot ni Sir Rio at sumabay na rin sa amin sa pagtawa. Matapos niyang tumawa, sumipsip muli siya ng kaniyang kape at pangiti-ngiti habang nagiisip. Siguro iniimadyin niya ang *headline* sa mga *tabloid* sa Manila na tumitili: *“National Artist* may Itinatagong 2 Anak na Bakla sa Jakarta!” Siguro mapapangiti pati puwet ni Carlo J. Caparas at mapapasindi ng *pink* na kandila sa Quiapo si J. Neil C. Garcia. Habang nginunguya ang makid-ël na sanga ng *seaweed* mula sa aking haluhalo at ninanamnam ang mapusyaw na lasa ng dagat, naisip ko, ano nga kaya kung naging anak ako ni Rio Alma? Hindi ni Virgilio Almario ha kundi ni Rio Alma talaga. Makasusulat pa kaya ako ng tula sa Kinaray-a? Habang tinitingnan ko si Kristian, na literal na mahaba ang buhok, napinaglalaruan pa rin ang *puppet* ni Rama, siguro kung naging kapatid ko siya, araw
araw kaming magsasabunutan! [20 Marso, 2015 Biyernes / Jakarta, Indonesia]

GAWAIN 1

Panuto: Tukuyin ang hinihingi ng bawat pahayag. Bilugan ang titik ng pinakaangkop na sagot.

1. Saang lugar sa Indonesia makikita ang kalsada na may mahabang hilera ng mga tindahan ng mga tradisyonal na Indonesian *handicraft*—maskarang Cirebon at ukit na petrok?

a. Bali c. Jaran Surabaya
b. Lombok

d. Kalimantan

2. Nagtungo sa Jakarta, Indonesia ang Pambansang Alagad ng Sining na si Virgilio Almario at Kristian Sendon Cordero bilang mga opisyal na delegado mula sa Filipinas sa ASEAN *Literary Festival* 2015 na ginaganap noong _____.
a. Marso 15-22, 2015
c. Marso 25-30, 2015
b. Pebrero 15-22, 2015 d. Pebrero 25-28, 2015

3. Sino ang embahador na nanlibre sa isang napakagandang restwaran ng isang Bekek Bengil na sa Ingles ay *Dirty Duck Dinner*?
a. Maria Lumen B. Isleta c. Kristian Sendon Cordero
b. Remee Alcazar
d. Carlo J. Caparas

4. Sa magkanong halaga nabili ni Kristian ang isang *set* ng wayang klitik na Rama at Sita, isang *flat* at may disenyong batik na *puppet*?
a. 400,000rupia
c. 200,000rupia
b. 300,000rupia
d. 100,000rupia

5. Anong bagay ang nabili ng sumulat ng akda na tig-150,000 ang pares?
a. wayang klitik
b. estatwa ng mag-asawang sirena
c. laurang papet
d. mga sandok at tasa

GAWAIN 2

Panuto: Mula sa akdang lakbay-sanaysay na “May Dalawang Anak na Bading si Rio Alma sa Jakarta” na isinulat ni John Iremil E. Teodoro, sagutin ang mga gabay na tanong upang mapalawak pa ang kahusayan sa pagkikritik at pagsusuri ng isang ng lakbay-sanaysay.

1. Anong lugar ang sentro ng dokumentaryo at anong partikular na paksa sa lugar ang ibinibida nito?

_____

2. Ano-anong aspekto at katangian ng lugar ang pinalutang sa dokumentaryo?

_____

3. Batay sa natutuhan sa aralin, epektibo ba para sa iyo ang paglalarawan at pagkukuwento ng karasanan sa lugar? Ipaliwanag.

_____

4. Kung bibigyan ka ng pagkakataong maglakbay sa anomang lugar, pipiliin mo ba ang lugar na ibinida sa dokyumentaryo? Ipaliwanag.

Modyul para sa Sariling Pagkatuto-7
Panukalang Proyekto: Kahulugan, Katangian at Layon

ARALIN

Kahulugan, Katangian at Layon ng Panukalang Proyekto


Ayon kay Dr. Phil Bartle ng The Communication Empowerment Collective, isang samahang tumutulong sa mga *Non-Governmental Organizations* (NGO) sa paglikha ng mga pag-aaral sa pangangalap ng pondo, ang panukala ay isang *proposal* na naglalayong ilatag ang mga plano o adhikain para sa komunidad o samahan. Kung gayon, ang panukalang proyekto ay nangangahulugang isang kasulatan o mungkahing naglalaman ng mga plano ng gawaing ihaharap sa tao o samahang pag-uukulan nito na siyang tatanggap at magpapatibay nito. Ginagawa ang isang panukalang o *project proposal* kapag kailangan itong marebyu ng isang indibidwal o grupo para sa kanyang aprubal. Ang aprubal ay kailangan para mabigyang hudyat ang opisyal sa pagsisimula ng proyekto.

Karaniwang naghaharap ng mga panukalang proyekto para sa pinansyal na suporta sa paggawa nito. Maaari itong isagawa ng isang departamento ng isang kompanya upang aprubahan ang kanilang nais na gawin, ng isang *non-governmental organization* para sa kanilang mga programa, ng isang opisyal sa pamahalaan para sa kanyang proyekto, o ng isang pribadong asosasyon o indibidwal para sa pagpapatupad ng kanilang mga proyektong binabalak. Inihaharap nila ang kanilang mga panukalang proyekto sa mga indibidwal, komite, organisasyon o opisinang makapagbibigay-tulong sa implementasyon ng mga proyektong isasagawa. Dahil kritikal ang preparasyon ng isang panukalang proyekto, makababuting malinaw sa isipan ng nagsasagawa nito kung ano ang maituturing na panukalang proyekto at kung ano naman ang hindi. Mahalaga ring malaman niya kung paano ito inihahanda para maging malinaw at mahusay ang pagkakabuo nito. Ayon kay Nebiu (2002), ang panukalang proyekto ay detalyadong deskripsyon ng isang serye ng mga aktibidad na naglalayong maresolba ang isang tiyak
na problema. Idinagdag pa niya na sa isang panukalang proyekto, makikita ang detalyadong pagtalakay sa dahilan at pangangailangan sa proyekto (*project justification*), panahon sa paggawa ng proyekto (*activities and implementation timeline*), at kakailanganing resorses (*human*, *material and financial resources required*). Hindi maituturing na proyekto ang mga dating aktibidad na nauulit sa eksaktong pamamaraan at peryodikong isinasagawa, ang mga aktibidad na walang depinido at malinaw na layunin, ang mga aktibidad na maaaring maulit o mailipat

kahit saan at sa ano pa mang oras, at ang mga regular na aktibidad ng organisasyon (Nebiu, 2002). Mahalagang matiyak kung gayon na ang panukala ay hindi isa sa mga nabanggit na ito.

GAWAIN

Base sa iyong natutunan sa araling ito, sagutin at dugtungan ang mga pahayag na nasa ibaba.



Modyul para sa Sariling Pagkatuto-8
Panukalang Proyekto: Gamit at Anyo Manunulat

ARALIN

Gamit at Anyo ng Panukalang Proyekto

Ang isang panukalang proyekto ay kadalasang nakasulat; minsan ito ay sa anyong oral na presentasyon, o kaya ay kombinasyon ng mga ito. Maaari itong *internal* o yaong inihahain sa loob ng kinabibilangang organisasyon. Samantalang ang eksternal na isang panukala ay para sa organisasyong di-kinabibilangan ng proponent.


Ang isang panukalang proyekto ay maaaring *solicited* o *unsolicited*. Ang isang panukalang proyektong isinagawa dahil may pabatid ang isang organisasyon sa kanilang

pangangailangan ng isang proposal ay tinatawag na*solicited proposal*,samantalang kung wala naman at kusa o nagbabaka-sakali lamang ang *proponent* ay maituturing itong *unsolicited*. Tinatawag ding *invited* o imbitado ang *solicited*, at *prospecting* ang *unsolicited* (Lesikar, et. al, 2000).

Mayroon ding tinatawag na maikli at mahabang panukalang proyekto. Ang isang maikling proyekto ay mayroon lamang dalawa (2) hanggang sampung (10) pahina na kadalasan ay nasa anyong liham lamang. Sa kabilang banda, ang mahabang bersyon ay naglalaman ng mahigit sa sampung pahina. Magkapareho lamang ang nilalaman ng dalawang uri ng *proposal*; nagiging mas masusi at elaboreyt lamang at sumusunod sa isang *structured format* ang mahabang bersyon. Ang uri ng panukalang proyekto ay nakadepende sa kahingian ng organisasyon kung ito ay imbitado o ng nais ng *proponent* kung ito ay di-imbitado.

GAWAIN

Batay sa iyong natutunan sa araling ito, sagutin at dugtungan ang mga pahayag na nasa ibaba.



Modyul para sa Sariling Pagkatuto-9
Mga Dapat Gawin Bago ang Pagsulat ng Panukalang Proyekto

ARALIN

Mga Dapat Gawin Bago ang Pagsulat ng Panukalang Proyekto

Binalangkas ni Besim Nebiu sa kanyang aklat na *Developing Skills of NGOs Project Proposal Writing* (2002) ang mga hakbang na kailangang isagawa ng isang indibidwal o organisasyong nagnanais gumawa ng isang panukalang proyekto. Ayon sa aklat, kailangan ang:

1. **Pag-interbyu sa dati at inaasahang tatanggap ng benepisyo**. Sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa dati at inaaasahang benepisyaryo, magkakaroon ng mas malinaw na pagtingin sa aktwal nilang pangangailangan. Makatutulong ito upang maging mas tiyak at makatotohanan sa mga detalye ng susulating panukala. Nagkakaroon din ng mas malalim na pag-unawa sa suliranin kung nakausap ng personal ang mga taong kaugnay ng proyektong nais gawin.

2. **Pagbabalik-tanaw sa mga naunang panukalang proyekto**. Sa pamamagitan nito, mabibigyang-kamalayan sa mga naging pagkakamali ng mga nauna nang panukala. Dahil dito, mapabubuti ang susunod na panukalang gagawin. Sa tulong din ng prosesong ito, malalaman ang mga panukalang proyekto na nabigyan na ng pansin ng isang *granting organization*. Kadalasan kasi, ang mga panukalang nauulit lamang ay hindi na binibigyan ng prayoridad sa mga aaprubahang panukala.
3. **Pagbabalik-tanaw sa mga ulat sa ebalwasyon ng mga proyekto**. Mabibigyan ng tamang datos kung titignang muli ang ebalwasyon ng mga nakalipas na proyekto. Upang hindi magkamali, o malito, balikang muli ang mga ulat sa mga proyektong iniharap sa organisasyong pinagpapanukalaan.
4. **Pag-oorganisa ng mga *focus group***. Tiyakin lamang na ang mga taong magiging bahagi ng proyekto ay may pagnanais na makisangkot at magambag. Magiging malaking suliranin kung walang pakikibahagi mula sa kanila.
5. **Pagtingin sa mga datos estadistika**. Maging sigurado sa mga datos na ibibigay. Huwag hayaang ibang tao pa ang makadiskubre sa mga kamalian sa mga estadistika at datos na inilahad. Sikaping ibalida ang ano mang datos naginagamit sa proposal.
6. **Pagkonsulta sa mga eksperto**. Mapatataas ang kredibilidad ng panukala kung ikinonsulta ang mga ito sa mga eksperto. Ang kontribusyon mula sa mga eksperto ay makapagbibigay ng bigat sa halaga ng panukala.
7. **Pagsasagawa ng mga sarbey**. Mangalap ng preliminaryong impormasyon at datos para ipakita ang komitment at dedikasyon sa panukalang proyekto. Tiyaking sapat ang mga ito upang mabigyang linaw nito ang tunguhin ng panukala. Malaking tulong din ang mga preliminaryong datos upang mapabuti ang layunin ng isang panukalang proyekto.
8. **Pagsasagawa ng mga pulong at porum sa komunidad**. Makukuha ang kooperasyon ng komunidad kung mayroong tuwirang pagsasangkot sa kanila. Bilang paghahanda sa pagsulat ng panukalang proyekto, isagawa ang mga aksyong ito. Mapapatag nito ang mga prosesong gagawin at mapaghuhusay nito ang mismong proyektong ipinanunukala.

GAWAIN 1

A. Iguhit ang nakangiting mukha ☺ kung wasto ang diwa ng bawat pahayag at kung mali ay iguhit naman ang malungkot sa mukha ☹.

_____ 1. Iwasang isangkot ang komunidad sa pagbuo ng panukalang proyekto upang magkaroon ng pananabik sa inaasahang makakatanggap ng benepisyo.

_____ 2. Mag-organisa ng mga *focus group*.

_____ 3. Ugaliin na mag-interbyu lamang sa mga inaasahang tatanggap ng

_____ 4. Magbalik-tanaw sa mga ebalwasyon ng dating

panukalang proyekto.

_____ 5. Komunsulta sa mga eksperto na makatutulong sa bigat ng halaga ng panukala.

GAWAIN 2

Iugnay ang pahayag na nasa Hanay A sa deskripsyon at pagpapaliwanag sa Hanay B. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa mga patlang sa tabi ng bilang.

Hanay A	Hanay B
____1. Pagkonsulta sa mga eksperto	a. Maaaring balikang muli ang mga ulat sa mga proyektong iniharap sa organisasyong pinagpapanukalaan.
____2. Pag-organisa ng mga *focus group*	b. Nagbalangkas ng mga hakbang sa kanyang aklat noong taong 2002.
____3. Pagsasagawa ng sarbey	c. Sa pamamagitan nito, mabibigyang-kamalayan sa mga naging pagkakamali ng mga nauna nang panukala.
____4. Pagsasagawa ng pulong sa komunidad	d. Nakipag-ugnayan ka sa mga tao sa lokalidad bilang sila ang mga *stakeholder* ng proyektong iyong ipapanukala.
____5. Pagtingin ng mga datos estadistika	e. Namigay ka ng mga talatanungan upang makalap ang mga impormasyon na iyong kailangan.
____6. Pagbabalik-tanaw sa mga ulat sa ebalwasyon ng proyekto	f. Makatutulong upang maging tiyak at makatotohanan ang mga detalye.
____7. Pagbabalik-tanaw sa mga naunang panukalang proyekto	g. Kinausap mo si Bb. Hara na isang guro na espesyalista sa proyektong iyong ilulunsad.
____8. Pag-iinterbyu sa mga dati at inaasahang tatanggap ng benepisyo	k. Bumuo ng mga taong magiging bahagi ng proyekto at may pagnanais na makisangkot.
____9. *Developing Skills of NGOs Project Proposal Writing*	i. Sikaping ibalida at suriin ang ano mang datos na ginagamit sa proposal.
____10. Besim Nebiu	j. Naglalaman ng mga hakbang sa pagsulat ng panukalang proyekto.

NARITO ANG GABAY NG M GA DAPAT SAGUTANG GAWAIN

MODYUL 1- GAWAIN, PANAPOS NA PAGSUSULIT
MODYUL 2- GAWAIN, PANAPOS NA PAGSUSULIT
MODYUL 3- GAWAIN, PANAPOS NA PAGSUSULIT
MODYUL 4- GAWAIN 1, GAWAIN 2

MODYUL 5- GAWAIN, PANAPOS NA PAGSUSULIT
MODYUL 6- GAWAIN 1, GAWAIN 2
MODYUL 7- GAWAIN
MODYUL 8- GAWAIN
MODYUL 9- GAWAIN 1, GAWAIN 2